

PANANAW NI MANNY V

TULONG SA DUKHANG
MAG-AARAL

Manny Villar

Kilala ang mga Pilipino sa mataas na pagpapahalaga sa edukasyon, kaya kahit ang mga dukhang pamilya ay nagsisikap na mapag-aral ang kanilang mga anak. Katunayan nito ang patuloy na pagdami ng mga batang dumaragsa sa mga paaralan taon-taon, at ang kaakibat na pangangailangan sa pagdaragdag ng silid-aralan. Nakalulungkot lamang na sa kabila ng mataas na pagpapahalaga sa edukasyon ay ilan lamang sa mga batang tumutulong sa mga unang baytong ng paaralan ang nananatili sa pag-aaral hanggang makatapos ng kolehiyo.

Ayon sa National Statistics and Coordination Board (NSCB), ang bilang ng mga nakapagtapos ng kolehiyo ay tumaas lamang ng 2.9 porsiyento sa nakalipas na 10 taon. Ayon naman sa Commission on Higher Education's (CHED), mula sa 100 batang pumapasok sa unang antas ng mababang paaralan, 66 lamang ang nakakatapos ng ikatanim na antas at 58 mula sa kanila ang umaabot sa unang antas ng mataas na paaralan.

Batay sa pag-aaral ng CHED, 500,000 lamang ang nakakatapos ng kolehiyo baw't taon samantalang umaabot sa 2.13 milyong ang tumitigil sa pag-aaral sa kolehiyo at unibersidad. Hindi dapat manatili ang ganitong sitwasyon. Pinapananagot ng Saligang-Batas ang Estado na pangalagaan at isulong ang karapatan ng lahat ng mamamayan na magkaroon ng mataas na uri ng edukasyon sa lahat ng antas.

Ang pangunahing dahilan ng pagtigil sa pag-aaral ay kahirapan. Maraming matatalinong mag-aaral na mula sa mahihirap na pamilya ang ni hindi sumusubok na kumuha ng pagsusulit upang makapasok sa kolehiyo dahil sa karukhaan.

Kaya nagsumite ako ng panukala, ang Senate Bill No. 3256, upang payagan ang mga mahihirap na estudyante na kabilang sa 10 porsiyentong pinakamatatalino sa kanilang klase na kumuha ng college entrance examination na walang bayad.

Ang panukalang ito ay hindi mangangailangan ng malaking gastusin sa panig ng pamahalaan, at hindi magbubunga ng malaking kawalan sa panig ng mga kolehiyo

SANDALI LANG

MAPAGPALAYANG
PASKO

Vivi Patron

Ang panahon ng Pasko ay hindi lamang panahon ng kasiyahan, ito ay panahon din ng pagpapalaya ng ating mga sarili sa magulong mundo ng ating pagtatrabaho. Ito ay panahon ng kapahingahan sa bangayan. Pero para sa karamihan sa atin, ang panahon ng Pasko ay panahon ng pagiging abala. Sa pagtungo pa lamang sa mga shopping mall, bugbog na ang katawan mo sa traffic. At kung marating mo nga ang mall, bugbog uli ang katawan mo sa nagsisiksikang mga shopper. May ilang Christmas card na dapat mong ipadala sa malalayo mong kamag-anak at mahal sa buhay. Magluluto ka ng para sa Noche Buena at isama mo na ang mga aktibidad ng pamilya sa araw ng Pasko. Parang wala ka nang oras upang mag-relax. Narito ang ilang tips na maaari mong gawin upang ma-relax ka at ma-enjoy mo ang Pasko sa maximum level:

- **Magtakda ng budget.** - Madaling malulong sa pamimili ng iba't ibang regalo para sa mga inaanak at kung sinu-sino pa. Magtakda ng budget at ikulong mo roon ang iyong paggasta.

- **Gumawa ng listahan.** - Ilista ang bawat pangalan ng mga taong iyong bibigyan ng regalo. At kapag nakabili ka ng regalo, halimbawa, kay Kikay, lagyan mo ng check ang pangalan ni Kikay sa iyong listahan.

- **Gumawa ng mga label.** - Habang maaga pa bago mag-Pasko, ihanda na ang mumunting mga label o card ng mga recipient ng iyong mga regalo.

- **Punuin mo na ang iyong freezer.** - Mas mainam na mamili ka na ngayon kaysa isa o dalawang araw bago mag-Pasko. Maaaring tumaas pa ang presyo ng mga bilihin habang papalapit ang Pasko.

- **Huwag iinit ang ulo sa mga kamag-anak.** - Tandaan, ilang araw lamang ang Christmas holiday, kaya huwag kang gagawa ng anumang bagay na ikasasama ng loob ng buong mong angkan at angkan ng iyong asawa dahil lamang sa isang kamag-anak.

Marami pa sa susunod na isyu.

at unibersidad, nguni't magbibigay ng pagkakataon sa maraming dukha ngunit matatalinong estudyante upang makapasok sa kolehiyo.



**LET US UNITE THE NATION
AND MOVE FORWARD
TO ACHIEVE PEACE,
PROSPERITY AND PROGRESS
FOR OUR COUNTRY AND PEOPLE**

MABUTING BALITA

Is 25:6-10a • Slm 23 • Lc 15:29-37

Pumunta si Jesus sa pampang ng lawa ng Galilea at pag-akyat niya sa burol, maraming tao ang lumapit sa kanya na dala ang mga pipi, bulag, pilay, may kapansanan, at mga may iba't ibang sakit. Inilagay sila sa paanan ni Jesus at pinagaling niya sila. Kaya namangha ang lahat nang makita nialng nagsasalita ang mga pipi, lumalakad ang mga pilay, gumagaling ang mga may kapansanan at nakakikita ang mga bulag. Pinuri nila ang Diyos ng Israel.

PAGSASADIWA

...at pinagaling niya sila. - Kaligtasan ng tao ang hangad ng Diyos. Dahil dito ipinagpakasakit niya ang kanyang Anak na si Jesus. Subalit tayo mismo ang hindi nagsisikap na makamit ang kaligtasang handog ng Diyos dahil sa mga bagay sa mundong ito na higit nating pinahahalagahan. Binubulag tayo ng salapi, binibingi tayo ng mga papuri ng ating kapwa, binabaluktot ng paghahangad sa kapangyarihan ang ating isip. Sa kabila nito ay naghihintay ang Panginoon na magising tayo sa ating mga pagkakamali at tanggapin ang pagpapatawad na gusto namang ibigay sa atin ng Diyos.

"SIMBAHAY 2012" ST. PAULS Philippines, 7708 St. Paul Rd., San Antonio Village, 1230 Makati City, Tel. No. 895-9701; FAX: 895-7328; Email: books@stpauls.ph; Website: http://www.stpauls.ph.

SENTIDO KOMUN

PAWALANG-BISA

Celo Lagmay

Nagdesisyon na ang Commission Non Elections (Comelec): Hustong 79 party-list lamang ang pinayagang makilahok sa darating na halalan. Nangangahulugan na ang natitira sa halos 300 grupo na naghain ng aplikasyon sa Comelec ay walang karapatang kumatawan sa mga dehado o marginalized sector.

Maaaring naging maingat ang Comelec sa pagsusuri sa naturang mga party-list upang matiyak na ang mga ito ay nakatugon sa itinatatadana ng Party-List System Act (PLSA) o RA 7941. Mahigpit ang utos ng naturang batas: Tiyakin na tanging mga marginalized sector lamang ang dapat maging nominees ng naturang grupo. Tiyak na napansin ng Comelec ang paghahari ng mga milyonaryo at iba pang lider na mistulang nagbalakayo upang sunggaban lamang ang oportunidad na maging miyembro ng Kamara; upang samantalain din ang limpak-limpak na pork barrel at iba pang benepisyo na tulad ng nakalaan sa mga tunay na kongresista ng iba't ibang distrito.

Gayunman, pagkatapos ng masusing deliberasyon ng Comelec, umalma ang ibang party-list na sinasabing 'nakainitan' lamang ng naturang poll body. Iminatuwid nila na may mga nakalusot na grupo na walang pakundangang nilaktawan, bagama't ang ilan sa mga ito ay nakalahok na sa nakaraang mga eleksiyon.

Simple lamang ang solusyon sa ganitong masalimuot na mga argumento. Maaaring makasarili ang aking pananaw, subalit naniniwala ako na ang mga party-list ay hindi na dapat maging bahagi ng Kamara -- isang kapulungan na bahagi ng Kongreso. Sapat na ang mga Kongresista na kumatawan din sa iba't ibang sektor ng sambayanan sa kani-kanilang mga distrito.

Hindi ko minamaliit ang mga nominees ng mga party-list. Katunayan, marami sa kanila ang may mga talino, kakayahan at matapat na hangarin sa paglilingkod sa bayan.

Subalit hindi maililihim na talamak ang duplikasyon o pagdodoble-doble ng mga gawaing panglehislatura dahil sa mga party-list. Dahil dito, hindi kaya makatuwirang pawalang-bisa na ang PLSA?

MAGANDA ANG BUHAY

GABAY

Bella Angeles Abangan

"Take control of my life today. Let THY will also be mine. That in each thought and word and deed, I shall be forever THINE." - Anonymous

Narito ang istorya ng ibang kabayanihan. Pinatitigil ng buong pamilya sa pagtatrabaho bilang DYANITOR ng isang malaking opisina si Mando. Apat sa kanyang mga anak ang nagtatrabaho pagkatapos na silang mag-aral. Ang ina nila ay malakas kumita pagkat namamagyang ito ng isda sa Malabon. Siya pa ang nagrarasyon ng isda sa may sampung sidewalk vendor sa isang malaking palengke.

Kinausap ng apat na anak ang ama noong kumakain na sila sa kantina na pinaglilingkuran ng ama. Naaawa sila pagkat UBO NANG UBO ang matanda.

Ipinagtapat sa kanila na may binubuhay siyang pangalawang mag-iina, dalawa ang kanyang anak. Isang pagkakamali iyon ng kanyang libong ulit na pinagsisihan.

Nagtungo si Francis, anak niya sa pangalawang asawa sa presidente ng kompanya. Labinwalong taon na si Francis at nag-aaral sa gabi.

Buong tapang na nagmugkahi si Francis na siya na maaari ang papalit sa kanyang ama bilang DYANITOR. Mahina na ang baga ng kanyang ama. Napangiti ang presidente, si Sir Andrew.

Lalong naawa si Sir Andrew nang malamang isang working student ito. Pumayag ang president, hindi lamang iyon, dinagdagan pa niya ang sahod.

Malapit ang kompanya sa unibersidad na pinapasukan ni Francis. Pinayagan siyang doon na tumuloy. Binigay sa kanya ang isang maliit na kuwarta na taguan ng mga supply sa paglilinis. At maaga siyang pumapasok sa eskwela.

Ginawa iyon ni Sir Andrew sapagkat ang kanyang anak na tanging lalaki sa pamilya ay namatay. Noong mga sandaling iyon ay hindi malaman ni Mando kung paano siya magpapasalamat sa Diyos.

Ipinaramdam kay Mando ng Diyos ang pagsisisi. Ibig ni Mando noon na ipalalaglag ang sanggol sa sinapupunan ng kanyang asawa.

Kahit hirap sa buhay si Mando ay itinuro niya sa mga anak ang pagmamahal sa diyos at sa kapwa. Ipinaalala lagi niya sa mga anak na huwag tularan ang kanyang ginawa lalo na sa anak niyang lalaki.

**INTERESADO KAMING BUMILI NG CORNER LAND NA MAY GUSALI SA METRO MANILA AT SA MGA PROBINSIYA NA ANGKOP
PARA SA MANILA BULLETIN BRANCHES, MAGPADALA LAMANG NG INYONG OFFER SA MANILA BULLETIN, P.O. BOX 769, MANILA**